

Tugon sa Patuloy at Mabilis na Pagkalat ng Impeksyon sa "7th Wave"

~Deklarasyon ng Gifu para palakasin ang Countermeasures laban sa BA.5 (Buod) ~

Panahon ng pagpapatupad : Agosto 5 ~Agosto 21

Ang mabilis na pagkalat ng COVID-19 ay hindi mapipigilan. Ang bilang ng mga bagong positibong kaso bawat araw ay umabot sa pinakamataas na record na 4,557 noong Agosto 2 (Martes), at ang bilang ng mga bagong positibong kaso bawat 100,000 populasyon (7-araw na kabuuang total) ay umabot din sa pinakamataas na record at patuloy na nag-a-update. Tulad ng dati, ang impeksyon ay kumakalat sa buong Prepektura, unang-una sa mga kabataan na nasa kanilang 20's at mas bata.

Lumampas na sa 50% ang bed occupancy rate at patuloy na tumataas. Bilang karagdagan, ito ay may malaking epekto hindi lamang sa COVID cases, kundi pati na rin sa General Medicine.

Dahil sa sitwasyong ito, hinihiling namin ang inyong kooperasyon sa pagpapalakas ng mga infection countermeasures lalo na ngayong dumarami ang tao dahil sa Summer Vacations at homecomings

Nais kong hilingin sa mga mamamayan ng Prepektura na ipatupad kaagad at lubusan ang mga pangunahing hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.

<Hinihiling na kooperasyon mula sa mga Mamamayan ng Gifu>

- Kumuha ng pretest (libreng test) ang mga taong may edad na o taong may comorbidities (diabetes, high blood, atbp).
- Mahigpit na pag-iwas sa paglabas-labas o sa mataong lugar o lugar kung saan mataas ang panganib ng impeksyon
- Gumamit ng emergency department at ambulansya kung talagang kinakailangan lamang
- Kung nagsimulang magkaroon ng sore throat, lagnat o anumang sintomas ng sakit, gawin ang masusing hakbang tulad ng pagpapahinga (*yasumu*), atbp.